



PANUKALA NG-BATAS S MGA MADALAS NA ITANONG

NOBYEMBRE 6,
2018

Ano ang Kalidad ng Pamumuhay sa Glendale at Panukalang-batas sa Proteksyon ng mga Mahahalagang Serbisyo?

Isang lokal na sales tax na 0.75% ang panukalang-batas na ito. Kung aaprobahan ng mga botante ang Panukalang-batas S sa Nobyembre 2018, inaasahang makalikom ito ng \$30 milyon kada taon ng mga pondong dedikado, lokal, at pinangangasiwaan ng Lungsod.

Sino ang magkokontrol ng kita mula sa Panukalang-batas S?

Pagdedesisyunan ng Konseho ng Lungsod kung paano gugugulin ang mga pondong ito sa kanilang taunang proseso ng open budget, na may feedback mula sa mga residente at mga negosyo sa Glendale.

Bakit natin kailangan ang isang panukalang-batas sa paglikha ng kita?

Noong panahon ng Great Recession, ipinatupad ng Glendale ang mga panukalang-batas sa pagtitipid, kasama na rito ang pagbabawas ng mga manggagawa nito ng 337 na full time na mga posisyon, kabilang ang 40 na mga posisyon ng bombero at pulis. Sa kabila ng mga hakbang na ito at ng umuunlad na ekonomiya, simula sa taon ng pananalaping 2019-20, ang Pangkalahatang Pondo ng Glendale ay nahaharap sa budget deficit na inaasahang lalawak sa mahigit \$6 milyon kada taon sa 2023.

Paano gagamitin sa komunidad ang kita mula sa Panukalang-batas S?

Poprotektahan ng pagpapatupad sa panukalang-batas na ito ang pagpopondo na, sa ilalim ng pamamahala ng Konseho ng Lungsod ng Glendale, ay maaaring gamitin sa iba't ibang mga serbisyo sa komunidad, kabilang ngunit hindi limitado sa:



Pagkukumpuni at pag-upgrade ng mga lokal na kalye, mga bangketa, at imprastrakturang pang-transportasyon upang mapabuti ang kaligtasan ng pedestrian at kasikipan ng trapiko



Pagbibigay ng murang pabahay



Pagpapanatili ng mga lokal na parke, mga sentrong pangkomunidad, at bukas na espasyo



Pagsisiguro na ang mga himpilan ng bombero sa kapitbahayan ng Lungsod ay may kumpletong kawani at bukas, at pagpapanatili ng mabilis na pagtugon sa 911 upang patuloy na makatanggap ang mga residente ng de-kalidad na pangangalagang medikal sa oras ng emergency



Pagpapanatili at pagpepreserba ng mga antas ng opisyal upang matiyak na may sapat na nakaduty na mga pulis na nagpapatrolya sa mga kalye, mga parke, at mga kapitbahayan upang maiwasan ang krimen at mabilis na makatugon sa mga tawag ng 911



Pagpapanatili ng kasalukuyang mga antas ng kawani ng bombero at paramediko



Patuloy na pag-alis ng bandalismo, pagpapabuti ng kasikipan ng trapiko, paisahe, at iba pang mga serbisyo upang mapanatili ang pinapahalagahan natin - malinis, malusog, at ligtas na mga kapitbahayan



Pagsuporta sa mga pagsisikap ng Glendale upang lumikha ng pang-matagalang solusyong pang-ekonomiya, panlipunan, at pangkapaligiran



Nagsisiyasat ba ang ibang mga lokal na komunidad sa pagpapatupad ng mga katulad na hakbang?

Oo. Naglagay sa balota ang Lungsod ng Burbank at Lungsod ng Pasadena ng mga panukalang-batas na naglalayong madagdagan ng 0.75% ang lokal na sales tax sa harap ng kani-kanilang mga botante para sa eleksyon sa Nobyembre 2018. Kung naipasa sa mga komunidad na ito, tinitiyak nito na ang lokal na kita sa mga lungsod na ito ay mananatiling lokal at popondohan ang Pulisya at Bombero, mga pangangailangan sa tumatandang imprastraktura, at mga mahahalagang serbisyo upang mapanatili ang kalidad ng kanilang pamumuhay.

Kung hindi maipapasa ng Glendale ang panukalang-batas na ito, tataas ba ang sales tax ng Lungsod sa hinaharap?

Mayroong sales tax cap na 10.25% ang state ng California. Kung aaprobahan ng mga botante ng Glendale ang panukalang-batas na ito, maaabot ng lokal na sales tax ang cap na iyon. Gayunpaman, kung hindi ipapasa ng mga botante ang Panukalang-batas S at mananatiling mas mababa sa 10.25% ang rate ng sales tax ng Glendale, ang anumang iba pang sales tax na pinagtibay ng mga botante ng county ay kukunin sa Glendale, ngunit hindi lahat ng mga pondong iyon ay gagamitin sa lokal.

Bakit mahalaga ang lokal na kontrol ng kita?

Ang kasalukuyang sales tax sa Glendale ay 9.5%, na 1% lamang nito ang nasa ilalim ng lokal na control.

Ang natitira ay mapupunta sa State at County. Ngayong taon, ang Glendale ay inaasahang magpapadala ng \$90 milyon sa County at mga ahensyang pang-rehiyon mula sa mga espesyal na sales tax na inaprobahan noon ng mga botante ng Glendale para sa mga bagay na gaya ng Panukalang-batas H, Prop. C, Prop. A, Panukalang-batas M, at Panukalang-batas R. Gayunpaman, sa \$90 milyong kinita ng Glendale, \$15 milyon lamang ang ibabalik sa lokal.

Paano gagamitin ang potensyal na bagong kita na ito?

Kung naaprobahan ng mga botante, gagamitin ang kita mula sa Panukalang-batas S upang protektahan ang mga mahahalagang serbisyo para sa mga residente ng Glendale. Ang bawat sentimong nalikom ay mananatili sa Glendale, gagamitin ng lokal, at hindi makukuha ng County, mga ahensyang pang-rehiyon o mga espesyal na distrito sa hinaharap.


Anu-ano ang mga uri ng bilihin na sasailalim sa Panukalang-batas S?

Ang Panukalang-batas S ay nalalapat lamang sa mga nabubuwisang kalakal gaya ng mga tangible na bagay, at, ayon sa batas, ay hindi nalalapat sa mga pagkaing hindi pinroseso, tulad ng mga grocery mula sa isang grocery store o farmers market, mga resetang gamot, o mga transaksyon sa real estate.

Paano natin matitiyak na ang mga pondong nalikom mula sa panukalang-batas na ito ay ginugol nang may pananagutan?

Mayroong mahusay na tala ng pananagutang pananalapi ang Glendale. Ang mahigpit na pananagutan at pampublikong pangangasiwa ay itinatag sa panukalang-batas na ito upang beripikahin na ang mga pondo ay epektibong ginugugol, kabilang ang mga taunang independent na audit sa pananalapi at pagbabawal sa iba pang mga ahensyang pang-rehiyon at mga espesyal na

Kita mula sa lahat ng mga Panukalang-batas vs. Panukalang-batas S
(na milyon)



distrito mula sa pagkuha ng anuman sa mga pondo.

Kung naipasa, kailan ipapatupad ang Panukalang-batas S?

Kung naipasa ng karamihan ng mga botante sa Nobyembre 6, 2018, ipapatupad ang sales tax sa April 1, 2019.

PANUKALANG-BATAS

S

NOBYEMBRE 6, 2018

MGA MADALAS NA ITANONG

**PARA SA KARAGDAGANG
IMPORMASYON**

GlendaleMeasureS.com
MyGlendale@glendaleca.gov
(818) 548-4844